# Balitang Manmin

BILANG 93 OKTUBRE 6, 2013

# Masaganang Bunga sa Israel, Pagkatapos ng Tag-tuyot

## "Hindi namin malilimutan ang nagawa ni Dr. Jaerock Lee para sa Israel"




Ang krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Israel noong 2009 ay may paksang "God is Great" (Ang Diyos ay Dakila). Idinaos ito sa International Convention Center sa Jerusalem. Pagkatapos manalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit, maraming tao ang nagsipunta sa entablado para magpatotoo tungkol sa paggaling nila. Magmula noon, nagdaos na ang Crystal Forum ng mga krusada ng pag-alaala, mga pista ng mga papuri, at mga camps para sa mga kabataan. At dahil sa mga libro, diyaryo, at pagbobrodkast, nakakaranas ang mga pastor at mga miyembro ng iglesya ng pagkilos ng Espiritu at paglago ng pananampalataya.

Noong Setyembre 5, 2013, ang Bagong Taon ay sinalubong ng Living Stone Church sa Tel Aviv sa pagbabasa ng libro ni Dr. Jaerock Lee na *The Measure of Faith* nang sama-sama. Sa Biblia, ginamit ng mga tao ang 'Nisan-years' nang magsimula ang Paskuwa (Passover), pero ang mga Judio ay nagpatuloy sa paggamit ng sistemang 'Tishri-years' sa buong una (Babilonia) at pangalawang (Roma) Diaspora, kahit hanggang ngayon.

Sa unang araw ng Bagong Taon, kumakain ng mansanas na inilublob sa pulot ang mga Judio dahil naniniwala sila na magiging 'matamis' ang samahan ng pamilya sa buong taon kapag ginawa nila ito. Pero sinimulan ng mga miyembro ng Manmin ang araw na ito sa pagbabasa ng libro ni Dr. Lee para sa espirituwal na paglago. Nagpapakita ito na nagkaroon ng masaganang bunga sa Israel.

Si Pastor Daniel Rozen ang naka-isip ng ideyang ito. Siya ang nagpapastor sa iglesya dito at pangulo din ng Crystal Forum. Sinabi niya, "Palaguin natin ang pananampalataya natin sa pamamagitan ng librong ito, pagsikapan nating gawin itong kalugod-lugod sa Diyos."

Batid ng Manmin Central Church ang kalooban ng Diyos para sa Israel, kaya pinaghandaan nila ang ministeryo para dito magmula pa noong simula. Habang naghahanda sila, naghahatid din sila ng ebanghelyo sa sariling bansa at sa buong mundo. At noong Hulyo 25, 2007, sa ika-25 anibersaryo ng pagbubukas ng iglesya, sinimulan ni Dr. Jaerock Lee at ng mga miyembro ng grupong pangmisyon ang pagmiministeryo sa bansang ito. Simula noong araw na iyon, nagministeryo sila sa loob ng 777 araw. Magmula sa Nazaret, kung saan lumaki si Jesus, bumisita sila sa maraming lugar. Ibinahagi nila ang ebanghelyo ni Jesus at ang kapangyarihan ng Diyos.

Labindalawang beses silang bumisita sa Israel, nagsagawa sila ng mga pagpupulong sa Haifa, Hadera, Asdod, Bethlehem, Ascalon, Beerseba, Eilot, Tel Aviv, Nahariya, at Jerusalem. Narinig ng mga taga-Israel ang salita ng buhay na ipinangaral ni Dr. Lee at nasaksihan ang kapangyarihan ng Diyos sa panalangin niya. Dahil dito, nabatid nila ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa mga mamamayan ng Israel.

Binuo ang samahan ng mga pastor sa Israel at tinawag itong, The Crystal Forum (www.acf.org.il). Noong taong 2009, Setyembre 6, inimbitahan nila si Dr. Jaerock Lee para sa krusada ng pagkakaisa, at noong Setyembre 7, bilang tagapagsalita sa International Convention Center sa Jerusalem. Ito ay naibrodkast sa 220 mga bansa sa tulong ng 33 mga brodkaster tulad ng TBN Russia, Enlace, CNL, at Digital Congo. Matapang na ipinangaral ni Dr. Lee ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at tungkol kay Jesu-Cristo.

Ang ebanghelyo ay nagsimula sa Israel, pero ngayon, hindi tinatanggap ng mga tao sa bansang ito na si Jesu-Cristo ang Tagapagligtas. Karamihan sa kanila ay nananampalataya sa Hudaismo, isang relihiyong naniniwala at naglilingkod sa iisang Diyos. Ang iilang bilang ng mga Cristiano sa Israel ay nililibak at tinatakot ng lipunan. Pero pagkatapos ng krusada ng pagkakaisa, naging masigla ang mga Cristiano doon, aktibo na sila sa pagmiministeryo. Nagdadaos sila ng mga seminar para sa mga mag-asawa at mga kabataan sa tulong ng Crystal Forum. Nagdaos din sila ng pista ng mga awitan kung saan matapang nilang pinuri ang Panginoon sa pampublikong lugar.

Ipinapanalangin ng mga pastor sa Israel ang mga miyembro gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), nakaranas sila ng mga pagsisisi at paggaling dahil dito. Nakapagdaos na rin sila ng mga krusada sa Estados Unidos, Russia, Ukraine, Bulgaria, Estonia, at Finland. Ipinakita dito ang pagkilos ng Espiritu. Ang mga pagbobrodkast ng GCN TV (www.gcntv.org), TBN Russia, CNL, Holy God TV, Rodnoy TV, at internet ang tumutustus sa mga miyembro ng iglesya ng salita ng buhay. Malaking tulong din ang mga libro ni Dr. Lee, at *Balitang Manmin.*

Sinabi ni Pastor Daniel Rozen, "Hindi namin malilimutan ang tulong ni Dr. Lee para sa Israel. Lalong-lalo na nang iproklama niya na si Jesu-Cristo ang Anak ng buhay na Diyos sa krusada ng pagkakaisa noong 2009. Naging daan ito para magkaisa ang mga pastor dito. Pinalakas nito ang loob namin. Maraming salamat sa panalangin ninyo nang may pagluha para sa mga kaluluwa dito. Nagkaroon ng panibagong sigla ang Crystal Forum at umaasa kami ngayon sa mas dakilang hinaharap."

# Mapapalad ang mga Dukha sa Espiritu

"Mapapalad ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng langit" (Mateo 5:3).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kadalasan, iniisip ng mga tao na ang mga biyaya ay kayamanan, karangalan at kapangyarihan, kapayapaan sa pamilya at iba pa. Pero hindi ito ang tunay at pangwalang hanggang mga biyaya. Maaari itong maglaho sa isang iglap. Hindi natin ito madadala sa kabilang buhay o kapag natapos na ang buhay natin dito sa mundo.

Ipagpalagay nating tinamasa ng isang tao ang kayamanan, karangalan, at kaluwalhatian sa buong buhay niya, pero hindi siya naniwala na may buhay pagkatapos ng kamatayan. Hindi paghahandaan ng taong ito ang walang hanggang buhay sa Langit. Ang layunin niya ay kumain, maglasing, mabuhay ng masagana. Walang siyang magagawa kundi mapunta sa nakakatakot na Impiyerno. Kaya, anong kabuluhan ng mga biyaya sa mundo?

Tinatalakay sa Mateo 5 ang kilalang mensahe ni Jesus, 'Ang Mapapalad', na ipinangaral Niya sa tabi ng bundok. Kung makamit ninyo ang mga binabanggit sa Ang Mapapalad tungkol sa tunay na mga biyaya na pwedeng tamasahin ng mga anak ng Diyos, makakapasok kayo sa Bagong Jerusalem. Ang nilalaman ng Ang Mapapalad ay mahalagang batayan para suriin ang pananampalataya natin. Ano ang unang biyayang binanggit?

### 1. Mapapalad ang mga dukha sa espiritu

Anong kahulugan ng dukha sa espiritu? Ang binabanggit na dukha dito ay hindi ang walang pera kundi dukha ang puso. Ang kahulugan nito ay magkaroon ng pusong walang kasamaan, kasibaan, o pagdadamot. Ibig sabihin, nagbibigay kayo nang walang pagdadamot. Ang mga may dukhang espiritu ay naghahangad ng mga espirituwal na bagay na magpapasaya ng puso nila. Tinatanggap nila ang ebanghelyo kapag ibinahagi ito sa kanila. Sinusunod nila ang sinasabi ng Salita ng Diyos, kaya naliligtas sila.

Gayon pa man, ang mga hindi naniniwala sa Diyos at naghahangad ng mga bagay sa mundo ay mga 'mayayaman' sa espiritu. Hindi nila hinahanap ang Diyos at hindi tinatanggap ang ebanghelyo. Nagdadahilan sila, sinasabing abala sila sa pagnenegosyo, pag-aaral, at pagsasaya. Sinasabi nilang maniniwala sila kapag nagkaroon sila ng oras. Punung-puno ang puso nila ng paghahangad sa mga bagay dito sa mundo tulad ng yaman, karangalan, kapangyarihan. Hindi sila naniniwala sa mga patunay na may buhay na Diyos, hindi nila hinahanap ito. Samakatwid, ang unang paraan para makamit ang perpektong biyaya ay ang maging dukha sa espiritu.

### 2. Sapagkat kanila ang kaharian ng Langit

Sa kabanata 16 ng Ebanghelyo ayon kay Lucas, nagkwento si Jesus ng isang talinhaga tungkol sa isang mayamang tao at isang pulubi na tinatawag na Lazaro. Maganda ang bihis ng mayaman at masagana ang pagkain niya araw-araw. Mayaman siya sa espiritu at hindi siya nabubuhay ayon sa Salita ng Diyos. Ang pulubing si Lazaro ay dukha sa espiritu, naniniwala siya sa Diyos. Nanlilimos siya sa pintuan ng mayaman para makakain, dinidilaan ng mga aso ang mga sugat niya.

Pero nagbago ang situwasyon nang mamatay sila. Ito' y dahil naniwala si Lazaro sa Diyos habang ang mayaman ay hindi. Habang mapayapang namahinga si Lazaro sa kandungan ni Abraham, nagdusa ang mayaman sa apoy ng kaparusahan. Nanangis siya habang nanlilimos ng kahit isang patak ng tubig mula kay Lazaro. Ang may karamdaman bang si Lazaro ang pinagpala, o ang mayaman na nagsaya sa mga pagtitipon at masaganang pagkain? Makikita dito na ang pulubi ang siyang pinagpala.

Ibig bang sabihin dapat tayong maghirap na parang si Lazaro para makarating sa Langit? Hindi! Ang ibig sabihin ay dapat tayong maging 'dukha sa espiritu' para tamasahin ang walang hanggang buhay, dahil totoong may walang hanggang buhay at walang hanggang kaparusahan.

Nagbibigay ang Diyos ng kalusugan, kayamanan, kapangyarihan, at kasaganahan sa mga anak Niya na nagiging dukha ang espiritu at namumuhay ayon sa Salita Niya. At nagbibigay Siya ng tunay, at walang hanggang biyaya, ibig sabihin, ang Langit na hindi maikukumpara sa kahit na anong yaman at luwalhati.

### 3. Para maging dukha sa espiritu at makamit ang Langit

Una, dapat nating iwaksi ang pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata at ang pagmamataas sa buhay.

Sa 1 Juan 2:15-16, sinasabing, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan, Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan." Kung makamundong mga bagay ang laman ng puso ninyo, punuin ninyo ito ng pag-ibig ng Diyos at pag-asa para sa langit.

Para magawa ito, **una, iwaksi ang pagnanasa ng laman**. Ito ay ang likas na nag-uudyok na magkasala tayo. Kung ang tao ay may likas na kasalanan tulad ng galit, poot, kasakiman, pangangalunya, selos, kayabangan, at iba pa, lalabas ang pagnanasa ng laman sa mga ugaling ito depende sa situwasyon ng kapaligiran. Halimbawa, nagdesisyong huminto sa paglalasing ang isang bagong mananampalataya. Pero gusto pa rin niyang maglasing dahil hindi pa niya lubos na naiiwaksi ito. Kaya kapag pumunta siya sa isang lugar na may lasingan, uudyukan siya ng pagnanasa ng laman para maglasing.

**Pangalawa, layuan ninyo ang pagnanasa ng mga mata.** Ang puso ang nababagabag sa mga bagay na nakikita ng mga mata at mga naririnig ng tainga. Kahit hindi ninyo nauunawaan ang mga bagay na ito, naaalala ninyo dahil nadadama ninyo ito sa puso. Gusto ninyo ulit makita at marinig ang mga ito. Gusto ninyong makuha ito. Ipagpalagay nating nanood ng isang pelikulang mahalay ang isang estudyante. Naiisip niya palagi ang pelikula, hindi siya makapag-aral nang mabuti. Gusto pa niyang panoorin ito ulit. Dahil dito, napupukaw ng pagnanasa ng mga mata ang masamang ugali ninyo, at lalabas ang pagnanasa ng laman. Kaya hindi kayo dapat tumingin, makinig, at mag-isip ng kasamaan. Huwag pumunta sa mga lugar na hindi nakakalugod sa Diyos.

**Pangatlo, iwaksi ang pagmamataas sa buhay.** Ito ang ugaling pagmamayabang ng sarili dahil sa mga kasiyahan nakukuha sa mundo. Ipinagmamalaki ng taong mapagmataas ang kanyang sarili - kayamanan, kapangyarihan, talento, kagandahan o kagwapuhan, edukasyon, at iba pa. Hindi niya pansin ang ibang tao. Ang puso niya ay malayo sa paglilingkod, sakripisyo, at pag-ibig. Balewala sa mga mapagmataas sa buhay ang kagandahan ng langit at pag-asa, mas maganda at mahalaga para sa kanila ang mga bagay dito sa mundo.

Pangalawa, maging katulad ng mga bata sa espiritu.

Mababasa sa Mateo 18:3, "Sinabi Niya, 'Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang kayo' y magbago, at maging tulad ng mga bata, kailanma' y hindi kayo makakapasok sa kaharian sa langit."

Ang espirituwal na mga bata ay simple, totoo, at hindi mayabang. Tinatanggap nila ang mabubuting itinuturo at payo ng ibang tao, inaamin nila ang mga pagkakamali nila dahil masunurin sila. Pero kung nabahiran sila ng kamunduhan at naging marumi ang puso nila, balewala na sa kanila ang magkasala. Hindi rin sila aamin ng pagkakamali kahit sabihin sa kanila ito. Gumagawa rin sila ng mga kasalanan na kinapopootan ng Diyos, kahit tumanggap na sila sa Panginoon. Dahil dito, lumalayo sila sa kaligtasan.

At sensitibo ang mga espirituwal na mga bata sa kabutihan at kasamaan. Napapaiyak at naaantig ang puso nila ng mga bagay na mabuti habang napopoot sila sa kasamaan. Kung sinabi ng Diyos na masama ang isang bagay, kapopootan nila ito at iiwasan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, umaasa ako na magiging dukha kayo sa espiritu. Hanapin at iwaksi ang mga kasalanan at kasamaan sa pamamagitan ng maalab na pananalangin. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging mga anak kayong nakakalugod sa Diyos, makapasok sa mas mabuting tirahan sa Langit, at tanggapin ang lahat ng klaseng biyaya tulad ng kayamanan, karangalan, at kalusugan kahit nasa mundo pa kayo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Sinaunang Kababalaghan! Sino at Kailan Ginawa?

Ang salitang ‘kababalaghan’ dito ay tumutukoy sa mga bagay na kamangha-mangha at hindi kayang isipin ng tao. Maraming sinaunang labi ang nakakamangha at mahiwaga. Ang dahilan nito ay sapagkat parang imposibleng paniwalaan na napakatalino at napakahusay ng mga tao noon kaya nakapagtayo sila ng mga ganitong bagay na ni hindi magaya ng mga tao sa modernong panahon.
Bukod pa diyan, maraming bagay ang lampas pa sa imahinasyon ng tao. Kasama sa Pitong Kamangha-manghang Bagay sa Sinaunang Mundo ang Great Pyramid. Sinong gumawa nito, kailan at paano? Kasama rin dito ang Sphinx, ang Nazca Lines, at ang ‘crop circles’. Mayroon tayong maiiksing kasagutan sa mga tanong na ito, at mas detalyadong tinatalakay sa mga pagtuturo ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa Genesis.



## Ang mga bakas ni Adan at ng mga inapo niya mula sa Halamanan ng Eden

Si Adan ang unang nilalang. Siya ay isang buhay na nilalang sa Halamanan ng Eden na punung-puno ng kasaganahan. Nanirahan siya doon ng may malaking kapangyarihan bilang panginoon ng lahat ng bagay sa loob ng napakaraming taon. Pinamahalaan at pinamunuan niya ang Halamanan ng Eden – ang lugar na inilagay ng Diyos para kay Adan, bilang isang buhay na nilalang, at para sa mga inapo niya, at ang Mundo – na nilikha ng Diyos para maging tirahan niya pagkatapos niyang magkasala at kung saan magaganap ang pangangalaga ng sangkatauhan. Marami ang naging anak ni Adan sa panahong ito.
Bilang isang buhay na nilalang, matalino si Adan, binigyan siya ng karunungan ng Diyos. Dahil dito nakagawa siya ng sasakyang panghimpapawid na sinasakyan niya kapag bumibisita siya sa Mundo. Madalas siyang pumunta sa bandang Ilog ng Nilo. Gusto niyang mag-iwan ng isang simbolo o sagisag sa lugar na iyon, kaya nagplano siyang magtayo ng kakaiba at napakalaking istruktura na luluwalhati sa Diyos na may Tatlong Persona. Ito ang ‘Great Pyramid’. Siyempre, hindi si Adan ang nagtayo ng lahat ng pyramid. Pero ang ibig sabihin dito ay siya ang nagsimula ng pagtatayo ng mga pyramid.
Pagkatapos magkasala ni Adan, at mapalayas sa Halamanan ng Eden, pinayagan ng Diyos na makapagbiyahe nang may limitasyon ang mga inapo niya patungo sa mundo. Nag-iwan sila ng bakas ng pagdalaw nila; ipinapalagay na kamangha-mangha at mahimala ang mga ito hanggang ngayon.


## Ang Tatlong Pyramid ng Giza sa Ehipto

Ang Great Pyramid ay may taas na 147 metro, at tinatayang 2.3 milyong bloke ng limestone o apog ang ginamit para maitayo. Ang isang bloke ay sinasabing may timbang na 2.5 tonelada. Ang mga batong ito ay maingat na hinubog at pinagpatungpatong.
Tinatayang may bigat na 6 na milyong tonelada ang Great Pyramid. Pero kahit ilang libong taon na ang nakaraan mula ng itayo ito, 5 milimetro pa lang ang inilubog nito sa lupa. Ang dahilan ay sapagkat dinisenyo itong parepareho ang bigat sa buong pundasyon nito. Ang ilalim nito ay may hugis ng perpektong kwadrado o parisukat. At ang bawat sulok nito ay nakaturo sa hilaga, timog, silangan at kanluran. May ilang pagkakapareho ang tatlong pyramid sa konstelasyong Orion. Naipaliwanag na, itinayo ang Great Pyramid batay sa kaalaman at kahusayan sa pagtatayo, matematika, at astronomiya at napakataas na antas ng teknolohiya.









## Ang Sphinx sa harapan ng Pyramid ng Giza

Ang Great Sphinx ay makikita sa harapan ng nasa gitnang pyramid ng tatlong Pyramid ng Giza. Parang nakabantay ito sa tatlong Pyramid. Ito ay may ulo ng tao at katawan ng leon. Nakaharap ito sa silangan. Ang haba nito ay 74 metro at may taas na 20 metro. Ang Sphinx ay inukit mula sa isang malaking bato. Isipin natin kung gaano kalaki ang batong ito. At mas nakakamangha pa, hindi nasisira ito kahit hindi na masukat ang panahong lumipas.

## Nazca Lines

Isa pang himala ang ‘Nazca Lines’ sa Peru. Sa 320 metro-kwadradong lupa sa mataas na talampas (kapatagan) ng disyertong Nazca sa dakong timog ng Peru, mayroong mga 200 hugis at disenyong nakaguhit. Dahil napakalaki ng mga ito, imposibleng makilala kung anu-ano ang disenyo, maliban na lang kung titingnan ang mga ito mula sa napakataas na lugar. Halimbawa, ang disenyo ng isang ibon ay may habang 120 metro; may mga hugis na 8 kilometro ang haba. Ang disenyo ng unggoy ay may habang 122 metro at 91 metro ang lapad. Isang linyang walang patid ang pagkakaguhit nito. Ang disenyong gagamba ay tinukoy na hindi pangkaraniwang klase ng gagamba, tinatawag itong ‘ricinulei’, na nakikita lang sa malayo at mahirap marating na bahagi ng Gubat ng Amazon. At nakakabigla, masyadong tuyo ang Disyerto ng Nazca, hindi pwedeng tirahan ito. Walang taong naitalang nanirahan sa bahaging ito.







## Crop Circles

Isa pang halimbawa ay ang mahiwagang Crop Circles. Ang crop circle ay malaking pabilog o iba pang hugis na ginagawa sa pamamagitan ng pagpatag sa mga damo o talahib sa gitna ng damuhan. Ginagawa ito sa isang gabi lang, at napakabilis. Hindi pwedeng sabihing nangyayari ito dahil sa panahon, topograpiya, o natural sa kapaligiran. Sinasabing tao ang gumagawa ng mga crop circles na ito. Gayon pa man, ang mga crop circles na gawa ng tao ay iba sa tunay na crop circles. Ibig sabihin, ang mga tangkay ng mga tanim na malapit sa crop circles na gawa ng tao ay baluktot, bale, at tuyo. Sa kabilang banda, ang mga tanim na malapit sa tunay na crop circles ay nagpapatuloy sa paglaki, at nagkakaroon ng mga bagong tangkay kahit nabaluktot na ang mga ito.

# "Umaapaw ang Makapangyarihang Pagkilos sa Singapore Manmin Church"



Misyonera Wong Ping Ping
(Singapore Manmin Church)



Si Misyonera Wong Ping Ping at ang mga kasamahan niya sa iglesya

Noong taong 2007, nagtrabaho ako bilang prodyuser sa Far East Broadcasting sa Singapore. Binigyan ako ng libro ng biyenan kong si Pastora Mary Liu, ito ay The *Measure of Faith* na isinulat ni Dr. Jaerock Lee. Hinaplos ng librong ito ang damdamin ko. Pagkatapos, mabilis ko ring natapos ang pagbabasa ng mga librong isinulat niya tungkol patotoo ng buhay niya, ang *Paglasap Ng Buhay Na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan*, ang pangunahing libro niyang *Ang Mensahe ng Krus*, *Heaven I* at *II*, at *Hell*. Ibinatay ko ang programa ko sa mga librong ito para maibahagi ko ang ebanghelyo nang mas epektibo.

Mas naging maalab ako sa pagdadala ng mga kaluluwa sa kaligtasan. At dahil dito, naging misyonera ako ng Manmin at nagbukas ako ng sangay na iglesya nito. Ginanap ang unang pagsamba namin noong Setyembre 2012. Ang mga pagsamba at pananalangin sa pulong panalanging Daniel ay pinapanood sa GCN TV (www.gcntv.org) na kasabayan ng pagsamba sa Manmin Central Church. Lumago ang espirituwal na buhay ng mga miyembro ko sa pakikinig nila sa salita ng buhay ni Dr. Lee, sa kapangyarihang ipinapakita niya, at pananalangin niya. Nagkaroon kami ng panibagong sigla.

Nakaranas ng paggaling si Kap. Carolyn Guan, 23, sa pamamagitan ng panyong makapangyarihan na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Bago siya ipanalangin, ang dulong bahagi ng gulugod niya ay nakakiling sa isang tabi. Napakasakit nito kapag matagal siyang naka-upo. Pero dahil sa panalangin, naging tuwid ito at nawala ang sakit. Naging maayos din ang tindig niya. Nagkabati din si May Khor, 39, at ang mga katrabaho niya. Napatawad naman ni Yuki, 42, ang mga kaibigan niya, naging malapit sila sa isa' t isa pagkatapos nilang basahin ang libro ni Dr. Lee na *Hell*.

Si David Eu Sheng, 4, ay halos mamatay na dahil sa malalang impeksyon sa daanan ng ihi at septicemia, pero gumaling siya sa pananalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon. Ang nangyari sa kanya ay ipinahayag sa pulong ng mga doktor sa ika-10 pandaigdigang pulong ng mga Cristianong doktor (WCDN) na ginawa sa Mexico noong Hunyo 2013. Hallelujah!

Noong Agosto 2013, dumalo sa retreat sa tag-init ng Manmin ang mga myembro na taga-Singapore. Malaki ang inaasahan nila dito dahil nabalitaan nilang dadalo ulit si Dr. Lee. Nagsama-sama sa pagdalo ang 10 taga-Singapore, 9 na taga-Malaysia, at 1 taga-China. 20 silang sabay-sabay pumunta. Sa unang araw ng retreat, naglaho ang makapal at maitim na ulap at tumila ang ulan dahil sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee. May naglabasan pang mga bituin sa malinaw na langit. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos ng pag-ibig na hinayaang makaranas kami ng kamangha-manghang pag-ibig at kapangyarihan Niya.

# "Salamat sa Iyo dahil ipinaparanas sa amin ang kapangyarihan ng Espiritu sa lahat ng oras"



Misyonero Mumbere Maliro Adalbert (Silangang bahagi ng DR Congo)

Noong taong 2006, binigyan ako ng libro ni Elder Muhindo Mukopa ng Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya. Ito ay *Spirit, Soul, and Body I* ni Dr. Jaerock Lee. Habang binabasa ko ito, humanga ako at naantig ang damdamin ko. Hinangad ko ang ebanghelyo ng kabanalan at nagsimulang magsulong ng buhay ng isang tunay na Cristiano.

Noong Enero 2012, naging misyonero ako sa silangang bahagi ng DR Congo. Higit sa lahat, nagpapasalamat ako sa Diyos na ipinadala sa amin si Bishop Dr. Myongho Cheong, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ sa Africa. Siya ang gumabay sa mga kaluluwa sa ebanghelyo ng kabanalan, nagturo siya tungkol kay Dr. Jaerock Lee, at maalab na isinagawa ang ministeryo. Kahangahangang makita ang mga bulag na nagkakaroon ng paningin, at mga lumpong nakakalakad at nakakatalon kapag idinadalangin niya gamit ang panyong makapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Mayo 2013, nagsagawa ng mga seminar para sa mga pastor si Dr. Cheong sa limang lungsod sa silangang bahagi ng DR Congo. May 450 mga bishop at pastor ang dumalo sa lugar ng Butembo. Nagsama-sama ang iba't ibang denominasyon tulad ng Baptist at Anglican. Nakinig sila sa mensaheng "The Measure of Faith". Sinabi nilang nasa mababa ang sukat ng pananampalataya nila. Nakakamanghang marinig ang mapagkumbabang patotoo tulad nito! Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na gumigising sa Africa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714